## Ang Buhay at Misyon ni Juan Bautista

(Mateo 3:1-17, Marcos 1:1-11 at Lucas 3:1-22)



Si Juan ay isang natatanging tao na pinili ng Diyos para sa mahalagang misyon. Bago pa man siya ipanganak, sinabi ng isang anghel sa kanyang mga magulang na sina Zachariah at Elizabeth na si Juan ang maghahanda sa mga tao para sa pagdating ng Mesiyas, si Jesus. Sina Juan at Jesus ay magpinsan, at lumaki siyang nalalalaman na may espesyal siyang tungkulin.

Namuhay si Juan nang simple at kakaiba sa karamihan. Siya ay nagsusuot ng damit na gawa sa balahibo ng kamelyo, may sinturong balat, at kumakain ng balang at pulot mula sa mga ligaw na pukyutan. Sa halip na manirahan sa bayan o nayon, karamihan ng kanyang oras ay ginugugol niya sa ilang, malayo sa masisikip at mataong mga lungsod. Malakas ang pananampalataya ni Juan at matapang siya—hindi siya natatakot na magsabi ng totoo, kahit na nakakailang ito para sa iba.

Noong lumaki na si Juan, nagsimula siyang mangaral sa mga tao malapit sa Ilog Jordan. Para siyang isang propeta, pinaaalalahanan ang mga tao tungkol sa nais ng Diyos mula sa kanila. Sinabi niya sa mga tao na tumigil sa paggawa ng mali, magbago ng kanilang mga gawi, at ihanda ang kanilang mga puso para sa pagdating ni Jesus. Malinaw ang mensahe ni Juan: "Magsisi kayo at talikuran ang inyong mga kasalanan sapagkat ang kaharian ng langit ay malapit na!" Ang ibig sabihin ng "pagsisisi" ay ang pagsisihan ang maling ginagawa, humingi ng kapatawaran sa Diyos, talikuran ang maling gawain at magpasyang gawin ang mabuti. Ang mabuti ay mga bagay na nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos.

Inanyayahan ni Juan ang mga tao na magpabautismo sa Ilog Jordan bilang simbolo na sila ay nagsisisi sa kanilang mga kasalanan at nais magsimula ng bagong buhay. Ang bautismo ay isang makapangyarihang simbolo, na paglilinis ng mga maling nagawa at pagsisimula ng bagong buhay sa Diyos.

Nagpunta ang mga tao mula sa buong Judea at Jerusalem upang pakinggan si Juan at magpabautismo sa kanya. Ang ilan sa kanila ay mga karaniwang tao, ngunit pati ang mga

pinuno ng relihiyon na tinatawag na mga Pariseo at Saduceo ay pumunta rin upang makita siya. Hindi nag-atubili si Juan; sinabi niya sa kanila na hindi sapat na maganda lang ang panlabas na anyo. Mas mahalaga sa Diyos ang kung ano ang nasa kanilang mga puso.

Nakuha ng mensahe ni Juan ang atensyon ng maraming tao. Iniisip nila kung siya kaya ang Mesiyas na kanilang hinihintay. Ngunit mabilis na nilinaw ito ni Juan. Sinabi niya, “May darating na kasunod ko na mas makapangyarihan kaysa sa akin, na hindi ako karapat-dapat na yumukod at magkalas man lang ng tali ng kanyang sandalyas.”. Sinabi ni Juan na siya ay naghahanda lamang ng daan; may mas dakilang darating, at iyon ay si Jesus.

Isang araw, si Jesus mismo ay dumating sa Ilog Jordan upang magpabautismo kay Juan. Sinabi ni Juan kay Jesus, “Ako po ang dapat magpabautismo sa inyo! Bakit kayo nagpapabautismo sa akin?” Ngunit iginiit ni Jesus na mahalagang gawin ito upang matupad ang kalooban ng Diyos.

Kaya't binautismuhan ni Juan si Jesus sa Ilog Jordan. Nang umahon si Jesus mula sa tubig, may kamangha-manghang nangyari! Bumukas ang kalangitan, at ang Banal na Espiritu ay bumaba na parang isang kalapati at dumapo kay Jesus. Pagkatapos, isang tinig mula sa langit ang nagsabi, “Ikaw ang minamahal Kong Anak; lubos Kitang kinalulugdan.” Ito ang Diyos Ama na nagsasalita, ipinakikita sa lahat na si Jesus ang tunay na Kanyang Anak.

Matapos bautismuhan si Jesus, ipinagpatuloy ni Juan ang kanyang misyon ng pangangaral at pagbibinyag sa mga tao, hinikayat silang mamuhay sa paraang nagbibigay karangalan sa Diyos. Hindi natakot si Juan na magsalita laban sa kasalanan, kahit na ang mga makapangyarihan ang sangkot, na siyang naging dahilan ng kanyang kamatayan.

Si Jesus ang Anak ng Diyos, na nagkatawang-tao upang ipakita sa atin ang pagmamahal ng Diyos at kung paano mamuhay nang tama. Kahit hindi niya kailangan ng pagbabautismo, tinupad Niya ito upang sundin ang plano ng Diyos, na nagpapakita ng pagpapakumbaba at kahalagahan ng pagpapakita ng magandang halimbawa. Ang tinig ng Diyos na nagsasabing, “Siya ang lubos Kong kinalulugdan,” ay nagpapakita ng pagmamahal at kaluguran ng Diyos kay Jesus.

